# KALATAS

Opisyal na Pahayagan ng Rebolusyonaryong Mamamayan ng Timog Katagalugan

TOMO 44 BILANG 1 | BASAHIN AT TALAKAYIN | ENERO 2024


EDITORYAL

## Puspusang isulong ang kilusang pagwawasto, pamunuan ang masa at ibwelo ang mga rebolusyonaryong gawain sa 2024!

Tangan ang mga tagubilin ng Partido, tinatanaw ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan (TK) ang ibayong pagsulong ng rebolusyon sa rehiyon at pag-aambag sa pambansang pagsisikap na buklurin at pamunuan ang malawak na masa ng sambayanang PIlipino sa paglaban sa rehimeng US-Marcos II at isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon. Susi rito ang pagsusulong ng kilusang pagwawasto. Pinasinayaan na sa TK ang puspusang pagwawasto at pagbabalik-aral sa mga batayang rebolusyonaryong prinsipyo na una't susing hakbang sa pagpapanibagong-lakas at pagbwelo ng lahatang panig na gawain. Tinatawagan ang lahat na tapat na tumalima at masigasig na lumahok sa kilusang pagwawasto.

Nararapat ang kilusang pagwawasto upang tiyakin ang pagtalunton at pamumuno natin sa pambansa demokratikong rebolusyon sa gitna ng pagtalim ng mga kontradiksyon ng naghaharing sistemang malakolonyal at malapyudal (MKMP) sa pagitan ng mga uring nagsasamantala at pinagsasamantalahan.

Sa pandaigdigang kalagayan, bumubulusok ang ekonomya ng daigdig, lalu't higit ang sentro ng pandaigdigang sistema ng kapitalismo at sumisiklab ang mga sigalot dahil sa pagnanais na magkamal ng supertubo at geo-pulitikal na hegemonya ng mga imperyalistang kapangyarihan. Ang Asia Pacific, kung saan matatagpuan ang Pilipinas ay mainit na larangan ng tagisan ng imperyalistang US at China. Napakalaki ng posibilidad na madawit ang Pilipinas sa nakaambang gera lalo't sagadsaring papet ang rehimeng US-Marcos II at mayroong tropa at base militar dito ang US.

Patuloy naman ang pagsahol ng sosyo-ekonomikong krisis



# KALATAS

Enero 2024
TOMO 44 BILANG 1

NILALAMAN

1 Puspusang isulong ang kilusang pagwawasto, pamunuan ang masa at ibwelo ang mga rebolusyonaryong gawain sa 2024!
4 Ayon kay Ka Joma
4 Pakanang chacha ng rehimeng US-Marcos II, pahirap at pasakit sa bayan
6 KPKK: MKMP ang makauring pagsusuri ng Partido sa lipunang Pilipino
8 Tugon ni PdG: Bakit krimen sa digma ang paglapastangan sa mga labi?
10 Paggunita sa anibersaryo ng Partido, inilunsad sa Rizal
10 Balitang TO: Nag-ooperasyong 80th IBPA, tinambangan ng BHB Rizal
11 Pagtutuloy ng CBA, iginiit ng mga panadero sa PhilFoods
11 Agresyon ng US at China sa WPS, kinundena ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan
12 Kultura: Bagong taon, bagong panata

*Ang KALATAS ang opisyal na pahayagan ng rebolusyonaryong mamamayan ng Timog Katagalugan. Pinapatnubayan ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo. Inilalathala ito ng Partido Komunista ng Pilipinas (MLM) at ng Bagong Hukbong Bayan ng Timog Katagalugan.*

*Inaanyayahan ng pamatnugutan ang mga mambabasa na mag-ambag sa pagpapahusay ng ating pahayagan. Magpadala ng mga komentaryo at mungkahi, balita at rebolusyonaryong karanasan na maaaring ilathala sa ating pahayagan. Ito ay tumatanggap ng mga liham sa:*

dagundong.tk@gmail.com

archive.org/details/@southern_tagalog_revolutionary_portal

na nagdudulot ng walang kaparis na kahirapan sa mamamayang Pilipino, lalu't higit sa uring anakpawis. Sa pulitika, lantaran nang nagtutunggali ang pinakamasisiba at pasistang pangkating Duterte-Arroyo na nakasahod sa China at ng mga Marcos na suportado ng US. Nagpapakana ng chacha si Marcos Jr. katuwang ang Kongreso habang ang mga Duterte ay nagluluto ng "destabilisasyon" katulong ang mga kabig nito sa AFP-PNP. Sa kabila ng girian, nananatiling nakatutok ang estado sa pagdurog sa rebolusyonaryong kilusan. Walang humpay ang paninibasib ng armadong pwersa ng pasistang estado sa kalunsuran man o kanayunan sa tabing ng gera kontra-terorismo, ngunit sa katunayan, layon nitong ipreserba ang paghahari ng rehimeng Marcos-II at imperyalismong US sa bansa.

Mapanghamon ang kalagayan subalit malaking tagumpay ang pagbigo ng rebolusyonaryong pwersa sa ambisyon ng imperyalismong US at papet na estado na durugin ang PKP-BHB-NDFP. Nananatiling nakatayo at matatag ang organisasyon ng Partido sa kabila ng mga tinamong pinsala at pagkamartir ng mga pinuno ng rebolusyonaryong kilusan. Higit sa lahat, mahigpit ang hawak nito sa Marxismo-Leninismo-Maoismo (MLM) at sa pampulitikang linya ng demokratikong rebolusyong bayan (DRB).

Katambal ng ating pagbubunyi ang kritikal-sa-sariling pagtatasa at paglalagom ng ating mga naging kalakasan, kahinaan at pagpuna sa mga pagkakamali sa proseso ng tuluy-tuloy na pakikihamok sa kaaway at pagsasakatuparan ng mga layunin ng DRB. Mataas ang kahingian sa bawat kadre at kasapi ng PKP na isulong ang kilusang pagwawasto upang iwaksi ang mga maling kaisipan at sumulong. Tinukoy sa pahayag ng Partido sa ika-55 anibersaryo ang suhetibismo bilang ugat ng mga kahinaan sa ideolohiya. Nag-anak ang suhetibistang pananaw ng mga burges at peti-burges na kaisipan, estilo sa paggawa at mga maling patakaran. Pinakitid nito ang saklaw ng ating gawain at inuok-ok ang rebolusyonaryong paninindigan at optimismo ng mga kasama. Sinumang tinatamaan ng ganitong sakit ay bulnerable sa kanan at "kaliwang" pagkakamali at tendensya, sa pinakamalala ay tumakbo, umalis sa organisasyon at sumuko sa reaksyunaryong kaaway kapag naharap sa problema o panganib.

Sa pahayag ng Komiteng Rehiyon ng TK, naging bagaheng pumigil sa pagsulong ng rehiyon ang patuloy na pag-iral ng suhetibismo sa anyo empirisismo at dogmatismo sa ideolohiya; konserbatismo-pasibidad-gerilyaismo at kaisipan ng rebeldeng lagalag, sibilyanisasyon, buntotismo at mga hibo ng kaisipang empleyado sa pulitika; at burukratismo, lokalismo, sektarismo, liberalismo-sentimentalismo sa larangan ng organisasyon. Dapat bakahin at iwasto ang mga ito upang iguhit ang tamang linya't taktika sa paglaban at mapahusay ang estilo ng pamumuno at paggawa ng bawat kadre at pwersa.

Lunas sa suhetibismo ang tapat at masusing pag-aaral sa rebolusyonaryong teorya at kongkretong kalagayan ng lipunan at mga rebolusyonaryong pwersa. Tiyakin nating sapul ng mga kasapi ng Partido ang MLM at nagagamit itong gabay sa kanilang pang-araw-araw na gawain at pagkilos. Kailangang mapagtapos ang mga kasapi sa tatlong antas na kurso ng Partido at patagusin ang pag-aaral sa MLM hanggang sa mga batayang organisasyon ng Partido. Kasabay nito, pasiglahin ang pagbabasa at pag-aaral sa mga sulatin ni Jose Maria Sison at mga dokumento ng PKP. Hangarin natin ang kapasyahang palagiang naglulunsad ng mga pag-aaral sa gitna ng mabangis na

atake ng kaaway at maging pleksible sa iba't ibang kalagayan.

Hinihingi ng pambansang pamunuan ng Partido at maging ng rehiyon ang paglulunsad ng panlipunang pagsisisayasat at pagsusuri sa uri. Kasalukuyang inaapdeyt ang panlipunang pagsisiyasat sa antas rehiyon. Kailangang sabayan ito ng mga pagsisiyasat sa lokal at sektoral na antas upang ilatag nang malinaw ang obhetibong kalagayan sa mga partikular na erya at gawain. Partikular sa rehiyon, may pagdidiin na ilunsad ang pagsisiyasat sa kalagayan ng manggagawa at sahod, mga mayor na *cropline* at kasalukuyang anyo ng pyudal at malapyudal na pagsasamantala.

Ang kongkretong patunay mula sa ating pagsisiyasat ang maghuhubad sa pagiging mababaw at lihis ng burgis-reaksyunaryong pagsusuri na hindi na malakolonyal at malapyudal ang lipunang Pilipino. Ultimong layunin ng mga espesyal sa pakikidigmang sikolohikal ng imperyalismong US na ilayo ang mamamayan sa landas ng pambansa-demokratikong rebolusyon at pigilan ang pagmartsa tungong kasunod na yugto ng sosyalistang rebolusyon.

Mapangahas ngunit matalino nating suungin ang kumukulong sitwasyong panlipunan at pamunuan ang masang nakikibaka para sa kanilang karapatan, kabuhayan, lupa, sahod at katarungan. Pamunuan ang paglaban sa pasismo, tugunan ang hinaing ng masang anakpawis at lutasin ang kahirapang nakalukob sa bayan. Dapat pag-ibayuhin ang kasigasigan sa propaganda at edukasyon upang yakapin ng mamamayan ang DRB bilang tanging solusyon sa mga salot na imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo.


Organisahin at pakilusin ang pinakamaraming bilang ng mamamayan upang mapalakas ang dalawang sandata ng Partido—ang Bagong Hukbong Bayan at pambansang nagkakaisang prente. Sa dalawa, pangunahin ang armadong pakikibaka kaya't dapat maglingkod dito ang pagbubuo at pagpapalalim ng nagkakaisang prente. Upang bumulwak ang mga pakikibakang masa at dumami nang ilang ulit ang mga organisadong pwersa at impluwensyado, kailangang ituwid ang mga manipestasyon ng konserbatismo sa rebolusyonaryong kilusang masa kapwa sa kanayunan at kalunsuran. Dapat bantayan at pigilang lumakas ang ihip ng ligalismo, ekonomismo at repormismo sa kilusan sa kalunsuran lalo sa hanay ng kilusang manggagawa.

Samantalahin natin ang kontradiksyon sa paksyun ng mga naghaharing uri. Palakasin at konsolidahin natin ang rebolusyonaryong hanay. Gawing solido ang organisasyon sa ideolohiya at pulitika at bakahin ang mga maling kaisipan at manipestasyon ng burukratismo at liberalismo. Kailangang itaguyod at palakasin ang kolektibong pamumuno. Mahalagang mayroong aktibong komunikasyon at kumprehensibong pag-uulat upang kagyat na malutas ang mga sumusulpot na problema at masipat nang malayo ang tanaw sa mga programa at gawain.

Sa panig ng BHB, mapagpasyang kumprontahin ang konserbatibo-pasibong paraan ng pakikihamok sa AFP-PNP. Sinagkaan nito ang pag-ugnay ng BHB sa masa at nagresulta sa pagkauk-ok ng lakas ng BHB at maging ng mga rebolusyonaryong baseng masa. Ampatin ang mga pinsala't pag-atras sa pamamagitan ng opensibang postura sa pagharap sa kaaway at pakikipaggitgitan para abutin ang malawak na masa. Sa piling ng masa, maglunsad ng marubdob na gawaing pagmumulat, pag-oorganisa at pagpapakilos upang palalimin ang kanilang pananalig at palahukin sila sa rebolusyon. Ibunsod ang mga kampanya sa rebolusyong agraryo at pakikibaka para sa taas sahod at kabuhayan upang mapanday ang masa sa pukpukang kolektibong paglaban. Ito ang batayan sa pagpapatibay sa anti-pasistang pakikibaka ng masang anakpawis.

Kailangang ipatimo sa bawat Pulang mandirigma at kasapi ng Partido na ang pagtindi ng kampanyang supresyon at brutalidad ng reakyunaryong estado sa tulak ng US ay hindi kalakasan, bagkus tanda na hindi na kayang maghari tulad ng dati ang bulok na estadong MKMP. Kailangang wasto at mapagpasyang harapin ang nagbabagang sitwasyon ng rebolusyonaryong digma at batahin ang mga kahirapan, sakripisyo hanggang kamatayan sa proseso nito. Sukatan ng malalim at puspos na pang-ideolohiyang paninindigan at pananaw ng mga rebolusyonaryong pwersa ang kahandaang ialay nang buung-buo ang sarili sa rebolusyon.

Totoong hindi maaaring maliitin ang bangis ng kontra-rebolusyonaryong digma sa mga rebolusyonaryong pwersa at sa nakikibakang masang Pilipino, ngunit hindi ito mapagpasya sa pag-atras o pag-abante ng rebolusyon. Nakasalalay ang ating pagsulong sa seryosong pagwawasto sa mga internal na kamalian at ibayong determinasyon ng bawat kasapi ng Partido, BHB at rebolusyonaryong pwersa na tupdin ang dakilang adhikain na palayain ang sambayanang Pilipino mula sa paghahari ng imperyalismo, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Puhunan natin ang mga natipong tagumpay sa loob ng 55 taon at ang walang kapantay na sakripisyo ng masa, mga kasama at mga rebolusyonaryong martir sa paghahatid sa pambansa-demokratikong rebolusyon at sosyalismo tungong ganap na tagumpay. K




> Ang mga batayang prinsipyo at istorikong aral na naipundasyon na sa unibersal na teorya ng rebolusyonaryong proletaryado ay pinagbuwisan ng buhay ng iba't ibang sambayanang nagtagumpay sa kani-kanilang mga rebolusyon. Pero kung ang pag-uusapan ay ang pagsusulong at pagtatagumpay ng sarili nating digmang bayan, wala nang mas importante pa kaysa mga prinsipyo't aral na natutuhan natin batay sa mga kundisyon sa Pilipinas at sa sarili nating karanasang rebolusyonaryo."
>
> *- Ang mga partikular na katangian ng ating digmang bayan*
> *Disyembre 1, 1974*

*PANGUNAHING LATHALAIN*

# Pakanang chacha ng rehimeng US-Marcos II, pahirap at pasakit sa bayan

Sa gitna ng tumitinding bangayan ng paksyong Marcos at Duterte, iniraratsada ng rehimeng US-Marcos II ang *charter change* (chacha) na makikita sa garapalang paglalako nito sa publiko sa anyo ng huwad na people's initiative o mga maniobra sa Kongreso, partikular sa Kamara. Nagkukumahog ang ilehitimong rehimen na ipatupad ang chacha para sa interes ng imperyalismong US at pangarap nitong manatili sa poder lampas pa sa kanyang termino.

**Bakit isinusulong ni Marcos Jr. ang chacha?**

Sing-aga ng Marso 2023, iniutos ni Marcos Jr. sa kanyang mga kapural sa Kamara na iratsada ang pagpapasa ng panukalang resolusyon para sa paghahalal ng isang Constitutional Convention (con-con). Bago pa man matapos ang 2023, ginagapang na ng mga kasabwat nitong pulitiko sa lokal na gubyerno ang pangangalap ng mga pirma para sa People's Initiative. Ngayong taon naman, inihain ang RBH6 sa pangunguna ng Senado para amyendahan ang mga pang-ekonomikong probisyon ng Konstitusyong 1987 nang hindi dumadaan sa con-con o Constituent Assembly.

Kinakalat ng rehimen ang kasinungalingang hindi angkop ang Konstitusyong 1987 sa "globalisadong mundo" at sinisisi ito sa pagka-atrasado at pagkabangkarote ng ekonomya ng bansa. Sa likod nito, nais lamang ng rehimen na ilusot ang mas madulas na pagpapatupad ng mga neoliberal na patakaran sang-ayon sa dikta ng imperyalismong US. Sa gayon, mas madaling makakapasok ang mga dayuhang negosyo at ibuyangyang sa mga ito ang lupa, likas na yaman at pampublikong serbisyo at utilidad sa Pilipinas.

Wala pa mang chacha, ipinasa na ang mga batas na Mining Act of 1995; Financial or Technical Assistance Agreements; bungkos ng Tax Reform for Acceleration and Inclusion Law; Public Service Act; Foreign Investment Act; Retail Trade Liberalization Act; Renewable Energy Development at pagsapi ng Pilipinas sa Regional Comprehensive Economic Partnership. Kalakhan ng mga ito'y nagpapahintulot sa 100% pagmamay-ari ng mga dayuhan sa piling mga negosyo sa mina, paliparan, riles, *expressway*, *shipping*, telekomunikasyon at proyektong pang-enerhiya.

Hindi rin umunlad ang bansa kahit na bumaha ang dayuhang pamumuhunan. Mula pa noong diktadura ng matandang Marcos, bumuhos na ang dayuhang pamumuhunan sa Pilipinas ngunit nananatiling bangkarote ang ekonomya na makikita sa pagiging atrasado, agraryo, pre-industriyal at malapyudal ng bansa. Hindi nagresulta ang neoliberal na patakaran sa pag-iindustriyalisa, bagkus ay itinulak nito ang bansa sa lalong pagsandig sa dayuhang pamumuhunan at pautang habang pinapatay ang mga lokal na agrikultura at manupaktura. Artipisyal at hindi rin sustenable ang nalilikha nitong kabuhayan at empleyo. Masahol pa, ibayo nitong ginawang atrasado at lubog sa utang ang ekonomya ng bansa.

Dagdag pa, nais ni Marcos Jr. na magbalangkas ng isang awtoritaryang Kontitusyong magpapalawig sa kanyang paghahari. Paniyak niya ito laban kay Duterte sa gitna ng pagguho ng kanilang "alyansang" UniTeam. Pakitang-tao naman ang tindig na pagkontra ni Duterte sa chacha gayong isinulong niya ito sa panahon ng kanyang administrasyon.

**Bakit anti-mamamayan ang chacha?**

Ang pakanang chacha ay anti-mamamayan, anti-mahihirap, anti-nasyunal at anti-demokrasya sa kaibuturan. Ang imperyalismong US

at mga lokal na naghaharing uring kroni ni Marcos Jr. ang pangunahing makikinabang kapag natuloy ang pag-amyenda nito.

Hinahangad ng imperyalismong US ang chacha upang na higit pang dambungin ang likas na yaman ng bansa, makinabang sa murang hilaw na materyales, magsamantala sa murang lakas-paggawa at sa ultimo'y magkamal ng supertubo. Paraan din ng ito para baklasin sa Saligang Batas ang mga pagbabawal sa base militar, armas nukleyar at patakarang gera na magsisilbi sa niluluto nitong gera laban sa China sa Asia Pacific. Sa pang-ekonomyang mga probisyon na isinusulong ni Marcos Jr., papayagan nito ang 100% dayuhang pagmamay-ari sa lupa, rekurso, yaman at pasilidad na mayroon ang Pilipinas. Pahihintulutan ang panghihimasok ng dayuhan sa negosyo sa kuryente, langis, tubig, daungan, pampublikong transportasyon, edukasyon at *media and advertising* — mga natitirang sektor na may "proteksyon" ang Saligang Batas ng 1987.

Sa chacha, palalawigin ang kapit ng dinastiyang Marcos sa poder. Tatak na ng mga Marcos ang pagiging ganid sa kapangyarihan, pandarambong, pasismo at terorismo at inutil na pamamahala. Hindi kataka-taka ngayon kung bakit binuhusan ng rehimen ng malaking pondo ang kampanyang chacha kagaya ng maanomalyang P55 milyong gastos mula sa pondo ng bayan para sa patalastas sa telebisyon ng gamit ang huwad na grupong People's Initiative for Reform Modernization and Action (PIRMA) at mga suhol na P100 o ayuda para makalikom ng pirma sa mga probinsya at distrito sa pamamagitan ng kanyang alipures sa pulitika.

**Paano lalabanan ang pakanang chacha?**

Sa punto de bista ng pambansa-demokratikong rebolusyonaryong kilusan, burgis-reaksyunaryo ang kaibuturan ng Konstitusyong 1987. Sa kabila ng mga burges-demokratikong palamuti nito, namamayagpag ang pagsasamantala ng imperyalismo, pyudalismo at burukratang kapitalismo. Bigo rin itong ipagtanggol ang karapatan ng mamamayan dahil sa mga butas at nilabusaw na mga probisyon sa Saligang Batas.

Gayunman kinikilala nating ang Konstitusyong 1987 ay iniluwal ng anti-diktadura, makabayan, demokratikong kilusang masa na nagpatalsik sa diktadurang Marcos. Dahil sa pakikibaka ng mamamayan, napilitan ang imperyalismong US at lokal na mga naghaharing uri na maglagay ng mga progresibong probisyon hinggil sa karapatang sibil at pampulitika, mga restriksyon sa dayuhang pagmamay-ari at term limit ng mga pulitiko at limitasyon sa pagdedeklara ng batas militar.

Sa yugtong ito ng pambansa demokratikong pakikibaka, dapat puspusang labanan ng buong bayan ang pakanang chacha ng rehimeng US-Marcos II. Wala itong ipinag-iba sa mga dating pagtatangka ng rehimeng US-Ramos, US-Macapagal-Arroyo, US-Aquino II at US-Duterte. Ang paglaban sa chacha ay bahagi ng pakikibaka ng mamamayan para sa kanilang demokratikong mga karapatan, lupa, kabuhayan, pambansang patrimonya, kasarinlan at kalayaan ng bansa.

Dapat panghawakan ang mga aral sa mga naunang laban sa chacha upang pigilan ang mga imbing pakana ng rehimeng US-Marcos II. Dapat malinaw na maipatambol sa buong bayan kung bakit sumasalungat sa interes ng sambayanang Pilipino ang chacha. Ilunsad ang malaganap na propaganda at ahitasyon sa malawak na mamamayan upang magkaisa silang labanan ang chacha. Suportahan ang mga kampanya na bawiin ang mga pirma ng bogus na People's Initiative na nakuha mula sa panlilinlang sa mamamayan.

Ilantad ang kapalaluan ng naghaharing pangkating Marcos at ihiwalay sila sa mamamayan. Ilantad ang pagkaipokrito ng mga Duterte at huwag hayaang makapanghimasok sila sa oposisyon kontra-chacha para sa sariling makitid na pampulitikang interes. Palakasin ang nagkakaisang prente at pakilusin ang bayan laban sa chacha. Patuloy na singilin at papanagutin ang mga Marcos at Duterte sa kanilang mga krimen sa bayan. Ipanawagan din ang pagpapabalik sa mga ninakaw sa kabang-yaman ng bayan. K

## Ano ang chacha?

Ito ang proseso sa pag-amyenda o pagbabago sa Konstitusyong 1987 ng reaksyunaryong Gubyerno ng Republika ng Pilipinas. Ayon sa batas, may tatlong pamamaraan para isagawa ang chacha. Ang binagong konstitusyon ay kailangang dumaan sa plebisito bago maging ganap na batas.

a. Constitutional Convention (con-con) - pagpapatawag ng Kongreso ng isang kumbensyon mula sa boto ng 2/3 o mayorya ng lahat ng myembro nito.

   Hindi nakasaad sa Konstitusyong 1987 kung paano pinipili ang mga delegado sa isang con-con. Sa mga nakaraang kumbensyon, ang lehislatura na ang nagpapatawag ng kumbensyon kung paano pipiliin ang mga delegado. Ayon sa RA 6132, ang mga delegado sa isang con-con ay ihahalal ng isang isang ispesyal na pambansang eleksyon.

b. Constituent Assembly (con-ass) - tinitipon dito ang lahat ng myembro ng mababa at mataas na kapulungan ng Kongreso para magpanukala ng mga pagbabago sa Konstitusyong 1987.

   Ipapasa ang mga amyenda kung aabot sa 3/4 ng lahat ng myembro ng Kongreso ang sasang-ayon. Hindi malinaw kung pantay na tig-isang boto ang mga Senador o Kongresista sa botohan sa mga pagbabago (*ammendments*).

c. People's Initiative (PI) - direktang pagpapatawag ng mga *referendum* sa mamamayan. K

KONGKRETONG PAGSUSURI SA KONGKRETONG KALAGAYAN

# MKMP ang makauring pagsusuri ng Partido sa lipunang Pilipino

Sa gitna ng mga pabalita ng reaksyunaryong estadong "nagtatagumpay" ang kontra-rebolusyonaryong gera nito laban sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), naglipana ang mga nagdudunung-dunungang indibidwal at grupong sirang plakang lumalabusaw sa makauring pagsusuri ng PKP na malakolonyal at malapyudal (MKMP) ang lipunang Pilipino. Hangal nilang ipinagpipilitang umunlad na ang Pilipinas sa kapitalismo! Ahente sila ng imperyalismong US at mga lokal na naghaharing uring malalaking burgesya komprador (MBK) at panginoong maylupa (PML) na nais iligaw at ilayo ang Partido at ang mamamayan sa demokratikong rebolusyong Bayan (DRB) sa pamamamagitan ng pagsusulong ng matagalang digmang bayan.

Baluktutin man nila ang mga datos sa ekonomya at lipunan, hindi maipagkakaila ang kongkretong kalagayan ng bayan. Saklot ng imperyalismong US ang Pilipinas, pinanatili nito ang pyudalismo bilang baseng sosyal at pinaiiral ang burukrata kapitalismo para tiyaking sunud-sunuran ang pasistang estado sa kumpas nito. Ang pagsasabwatan ng tatlong salot na ito ang nagbunga sa MKMP na lipunang Pilipino.

**Ang Pilipinas bilang malakolonya ng US**

Itinakda ng US ang pagiging malakolonyal ng Pilipinas nang igawad ng una ang huwad na kalayaan ng huli noong Hulyo 4, 1946 sa itinatag na papet na republika. Kontrolado ng US ang ekonomya, pulitika, kultura, militar at ugnayang panlabas ng bansa. Ang paghahari ng US ang pinakamapagpasyang kapangyarihan sa buhay panlipunanng bansa. Tusong maniobra ito upang linlangin ang sambayanang Pilipino at isuko kung hindi man ay bitiwan ang pakikibaka para sa pambansang kalayaan at demokrasya.

Tinitiyak ng US na hawak nito sa leeg ang papet na reaksyunaryong estado. Nag-alaga at nagsanay ito ng mga "*brown* Americans" bilang mga burukrata-kapitalista. Palaging suportado at may basbas ang bawat mahahalal sa mga susing pusisyon sa gubyerno, laluna ang pagkapangulo para maging madulas ang pagsasabatas at pagpapatupad ng mga tagibang na kasunduan at patakaran. Mayroon din itong ahente sa iba't ibang ahensya ng gubyerno.

Tiniyak ng US ang mahigpit na kontrol sa papet na AFP mula indoktrinasyon, pagsasanay at mga estratehikong planong pang-operasyon hanggang suplay ng mga armas at kagamitang militar. Itinayo at pinagana ang Joint US Military Assistance Group (JUSMAG) upang maging daluyan ng kontrol sa AFP sa tabing ng mga pagpapayong militar. Bilang base militar sa Asia, labas-masok sa Pilipinas ang mga tropang militar at kagamitang pandigma ng US. Malinaw ang pagpapakatuta ng kasalukuyang ilehitimong rehimeng Marcos II sa mulat na pagpapakasangkapan sa nilulutong gera ng US sa Asia Pacific laban sa katunggaling imperyalistang China.

Dahil kontrolado ang gubyerno at sandatahang pwersa ng Pilipinas, malayang dinadambong ng US ang yaman ng bansa at nilalapastangan ang pambansang kalayaan at soberanya. Ipinataw nito ang neoliberal na patakaran sa Pilipinas at sapilitang ipinasok sa mga kasunduan at asosasyon sa "malayang kalakalan" kagaya ng World Trade Organization, Association of Southeast Asian Nations, Asia-Pacific Economic Cooperation at iba pa.

Kinakailangang itali ng US ang ekonomya ng Pilipinas para isalba ang naghihingalo nitong ekonomya. Hinuhuthutan nito ang bansa ng mga murang hilaw na materyales at lakas paggawa at ginawang bagsakan ng mga yaring produkto sa napakataas na presyo. Tuwiran



ding namumuhunan ang US at nagpapautang sa mataas na interes at may kaakibat na mga kondisyon at tagibang na mga kasunduan.

Pinanatili ng US ang pyudalismo sa Pilipinas para manatili itong nakasandig at nakaasa sa kanya at bilang pabor sa kanyang mga tutang MBK at PML. Ipinagkait sa mamamayan ang tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon na kinakailangan upang ito'y umunlad at makatayo sa sarili. Ibinunga ng paglukob ng imperyalismo sa katutubong pyudalismo ang malapyudalismo sa Pilipinas.

**Moda ng produksyon sa sistemang MKMP**

Ang moda ng produksyon sa Pilipinas ay nananatiling atrasado, agraryo at pre-industriyal. Namamayani sa malawak na kanayunan ang monopolyo sa lupa ng mga PML-MBK at mga dayuhang negosyo. Ang malawak na masang magsasaka na kalakha'y wala o kulang sa lupa ay maliitan, atrasado at hiwa-hiwalay ang produksyon. Wala rin itong sariling matibay na gulugod sa industriya kagaya ng mabibigat at batayang industriya. Mayroong mga industriya at pagawaan subalit gumagawa lamang ng kaunting pagpoproseso o pag-aasembol ng mga pira-pirasong produktong ipinapasok sa bansa. Gayundin, ang mayor at kalakhan ng mga kagamitan sa produksyon, makinarya at kahit sangkap ay inaangkat pa sa mga kapitalistang bansa.

Ang pinakaimportanteng katangian ng malapyudal na ekonomya ay nasa mga relasyon sa produksyon: ang MBK ang pangunahing ahente ng US upang isakatuparan ang kolonyal na kalakalan. Bagamat naghahari ang PML sa kanayunan, ang mga MBK pa rin ang may hawak sa pinakakonsentradong komersyante at usurang kapital at nagtatakda sa daloy ng pang-ekonomyang produksyon at distribusyon sa buong bayan.

Dahil malapyudal, kolonyal na kalakalan ang nangingibabaw sa Pilipinas. Ibig sabihin, pangunahing kalakal ng bansa ang murang hilaw na materyales kagaya ng mga produktong pang-agrikultura, yamang mineral at semi-manupaktura, pati ang murang lakas-paggawa, para sa industriya ng mga kapitalistang bansa. Sa kabilang banda, bentahan ng yaring produkto mula sa US at iba pang imperyalistang bansa ang Pilipinas. Kumakamal ng supertubo ang imperyalismong US mula sa mga ito samantalang napakamahal ng ibinabagsak nitong yaring produkto sa bansa. Dahil tagibang ang palitan at palagiang may depisito sa kalakalan, naoobliga ang Pilipinas na mangutang na pinapatawan ng sobrang laking interes ng International Monetary Fund-World Bank, Asian Development Bank at mga katulad.

Kalokohan ang sabihing "industriyalisado" na ang Pilipinas dahil lamang sa nagsusulputang mga pagawaang ipinasok ng dayuhang pamumuhunan at mga naglalakihang gusaling pangkomersyo. Talagang dumarami ang mga pagawaan sa Pilipinas pero ito'y hindi nagsisilbi sa pagpapaunlad ng pambansang industriya't ekonomya, kundi bahagi lamang ng pandaigdigang network ng imperyalistang produksyon na nakakubli sa "*global value chain*". Kabaliktaran, de-industriyalisasyon ang tunay na dulot ng imperyalistang globalisasyon. Hanggang ngayon, walang nakatayong saligang industriya ang Pilipinas. Katunayan, ni bisikleta ay di kakayaning likhain sa bansa. Sa mismong datos ng reaksyunaryong gubyerno, kitang-kita na hindi naghahatid ng totoong pag-unlad ang labis na pagsandig sa dayuhang pamumuhunan. Noong 1970-1974, nasa $42.9 milyon pa lamang ang pumasok na dayuhang pamumuhunan habang nasa 5.4% ang tunay na tantos ng paglago ng *gross domestic product* (GDP). Pagsapit ng 2020-2022, lumobo tungong $8.7 bilyon (higit 200 beses na mas malaki mula 1974) ang pumasok na dayuhang pamumuhunan subalit nasa 1.3% lang ang inabot na tunay na tantos ng paglago.

Dahil sadyang inililihis sa tunay na pag-iindustriyalisa ng bansa, hindi nagresulta sa pagdami ng trabaho ang dayuhang pamumuhunan. Ang ipinagmamalaking "pagdami ng mga manggagawa", sa aktwal ay pagdami ng mga manggagawa sa sektor ng serbisyo at agrikultura at hindi para sa mga saligang industriya. Iba pang salik ang tiyak na manipulasyon ng reaksyunaryong gubyerno sa datos sa paggawa. Manipestasyon ito ng kawalan ng tunay na industriya ng Pilipinas.

## ALAM N'YO BA?

Unang inilabas ang pagsusuring MKMP ang lipunang Pilipino sa librong **Lipunan at Rebolusyong Pilipino ni Amado Guerrero (Jose Maria Sison) noong 1969**. Nagsilbing gabay naman sa paglulunsad ng digmang bayan sa isang MKMP na lipunan ang akda niyang **Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan noong 1974**. Samantala, katuwang ang asawa niyang si Ka Julie de Lima, isinulat nila ang **Hinggil sa Moda ng Produksyon** at **Walang Kalitatibong Pagbabago sa Lipunang Pilipino noong 1983** upang pasubalian ang mga kumakalat ng rebisyunistang pagsusuring "kapitalista na ang Pilipinas" at pawiin ang lahat ng mga kalituhang ibinunga nito.

Hinalaw ni Ka Joma ang kanyang pagsusuri mula sa pag-aaral sa kongkretong kalagayan ng lipunang Pilipino. Mataman siyang nagsiyasat sa kalagayan ng lipunan at mamamayang Pilipino, inaral niya ang kasaysayan at inilapat ang teorya ng MLM upang mabuo ang makauring pagsusuri na MKMP ang lipunang Pilipino. Dahil sa katumpakan ng pagsusuring ito, niyayakap, inaangkin at patuloy sinusuportahan ng malawak na masang Pilipino ang DRB na siyang dahilan kung bakit sumulong at lumakas ng ng walang kaparis at nakapanaig ang PKP sa lahat ng pagtatangka ng imperyalismong US at lokal na naghaharing reaksyon na durugin ang rebolusyonaryong kilusang pinamumunuan nito. K

**DRB ang solusyon sa krisis ng lipunang MKMP**

Usapin ng buhay at kamatayan para sa sambayanang Pilipino na isulong at ipagtagumpay ang bagong tipong demokratikong rebolusyong bayan (DRB) bilang tanging solusyon upang ibagsak ang MKMP na lipunang pinaghaharian ng imperyalismong US, pyudalismo at burukrata kapitalismo. Sa pamamagitan lamang nito, makakamit ng sambayanang Pilipino ang tunay na pambansang kalayaan at demokrasya at makakasulong ng malayo upang itatag ang sosyalismo.

Pangunahing isinusulong ang armadong pakikibaka sa pamamagitan ng matagalang digmang bayan na may estratehikong linyang kubkubin ang kalunsuran mula sa kanayunan upang ibagsak ang papet na naghaharing estado at agawin ang kapangyarihang pampulitika. Isinasagawa ang parlamentaryong pakikibaka bilang segundaryo ngunit esensyal na komponente ng DRB para pakilusin ang malawak na hanay ng mamamayang Pilipino. Sabayang inilulunsad sa digmang bayan ang armadong pakikibaka, rebolusyong agraryo at pagtatayo ng baseng masa sa kanayunan upang makapag-ipon ng lakas at maghanda sa pagkubkob sa kalunsuran.

Sa pagbagsak ng bulok na estado, itatayo ang Demokratikong Gubyernong Bayan na magsisilbi sa kagalingan at pambansa demokratikong mithiin ng mamamayan. Isusulong ng DGB ang ekonomyang umaasa-sa-sarili sa pagpapatupad ng tunay na reporma sa lupa at pambansang industriyalisasyon. Kasabay nito, ipapatupad ang mga programa para sa kagalingan at serbisyong panlipunan at pangangalaga sa kalikasan.

*Una sa serye. Ang Kongkretong Pagsusuri sa Kongkretong Kalagayan (KPKK) ay serye na nagtatalakay sa tunay na kalagayan ng Pilipinas upang muling maglinaw sa pagsusuri ng Partido Komunista ng Pilipinas na malakolonyal at malapyudal ang Pilipinas. Patutunayan nito ang di-mapapasubaliang pangangailangang isulong ang DRB bilang tanging solusyon upang lutasin ang pundamental na problema ng sambayanan at kamtin ang tunay na pambansang kalayaan, demokrasya at sosyalistang hinaharap. Ilalabas ang KPKK sa Kalatas kada dalawang buwan.*

---

TUGON *ni* PATNUBAY DE GUIA

## Bakit krimen sa digma ang paglapastangan sa mga labi (*desecration of remains*)?

*Babala: Naglalaman ng maseselan at grapikong detalye tungkol sa mga labi ng ilang biktima ng pasismo at terorismo ng estado.*

Halang ang bituka ng AFP-PNP at reaksyunaryong estado sa makahayop na pagtrato sa mga labi ng mga rebolusyonaryong martir at mga sibilyang biktima ng pasismo at terorismo. Labis na pasakit ito sa mga kaanak ng mga nasawi na naghahangad lamang na mapayapang makapagluksa at makapagpaalam sa kanilang mahal sa buhay. Kabilang ang kalapastanganang ito sa pasista at mersenaryong indoktrinasyon ng imperyalismong US sa AFP-PNP.

Ayon sa Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), ang paglapastangan sa mga labi o *desecration of remains* ay hindi paggalang sa labi ng mga namatay sa proseso ng armadong labanan o habang nakabilanggo, at hindi pagtupad sa tungkuling kaagad na ibigay ang mga labi ng namatay sa kanilang pamilya o bigyan sila ng disenteng libing. Isinasaad sa International Humanitarian Law (IHL) Rule 113 at Additional Protocol II ng Geneva Conventions na bawat partido sa tunggalian ay dapat gawin ang lahat ng makakaya upang iwasang mabulok ang mga bangkay. Ipinagbabawal din ang pagkuha ng litrato sa mga labi at pagpapakalat ng mga ito, ayon sa Geneva Conventions.

Tahasang nilalabag ng AFP-PNP ang lahat ng nabanggit. Makikita ito sa iba't ibang paraan:

1. pagbandila sa mga labi na parang tropeyo;
2. pagtatago sa labi para pagtakpan ang kanilang karumaldumal na krimen; at
3. pambababoy sa mga labi.

Walang pagtatangi ang AFP-PNP sa magiging biktima nito, armado man o sibilyan. Mas madalas na pagkatapos patayin ay pagpipyestahan pa ng mga gahaman at iiwang nakabilad sa araw o nakalubog sa tubigan ang labi dahilan para mabilis na maagnas. Kukuhanan pa ito ng litrato at ipagkakalat ng mga pasista sa *social media*. Kapag nakita na ng kamag-anak ang labi, madalas ay hindi rin inayos ang itsura at hinahayaang basag o depormado ang mukha at ulo. May kasong naka-*packing tape* pa ang ilang bahagi ng kamay, braso at paa na mga marka ng tortyur.

Sa unang paraan ng paglapastangan, tampok ang kaso ng pagtatanim ng mga baril sa katawan ng mga pinaslang na sibilyan para palabasing kasapi sila ng Bagong Hukbong Bayan (BHB). Pinakahuli itong ginawa kina Pretty Sheine Anacta at Rose Jane Agda sa Batangas noong Disyembre 2023; Maximino Digno sa Batangas at isang menor de edad sa Mindoro noong Hulyo 2022. Kasuklam-suklam din ang pagkakalat nila sa larawan ng mga labi ng mga martir na BHB sa *social media* at mga polyeto. Bahagi ito ng saywar ng AFP-PNP upang takutin ang mamamayan at rebolusyonaryong pwersa.

Sa pagtatago ng labi, matatandaan ang mga kaso nina Romy "Ka Bfar" Candor at Emenirito "Ka Warly" Pinza (Enero 2020); Jay-ar "Ka Sander" Mercado (Enero 2020); at Dioscoro "Ka Termo" Cello, Alex "Ka Omar" Perdeguerra at Rey "Ka Danny" Masinas (Agosto 2020). Kapal-mukhang itinatanggi ng AFP-PNP na may kinalaman sila sa pagkamatay at pagkawala ng mga labi ngunit sa huli, malalantad na sila ang utak sa karumaldumal na pagpaslang. Gayundin, may mga labing tinatatakan ng ibang identidad sa layuning pagkakitaan o kubrahin ang patong sa ulo sa mga "kadre" ng PKP-BHB.

Matingkad naman ang mga kaso ng pambababoy sa mga labi nina Noel "Ka Cely/Bai" Levanta (Marso 2020), Fernando "Ka Eleven" Anda, Jr. (Oktubre 2021); at ang Balayan 7 na sina Leonardo "Ka Mendel" Manahan, Ma. Jetruth "Ka Astra" Julongbayan, Allyssa "Ka Ilaya" Lemoncito, Joy "Ka Kyrie" Mercado, Precious Alyssa "Ka Komi" Anacta at dalawang sibilyang sina Pretty Sheine at Rose Jane (Disyembre 2023). May palatandaan ng pangmomolestya si Rose Jane nang makita ang labi nito na nakababa ang pantalon.

Hindi pa nasapatan, malisyosong ipinagkakait ang mga labi sa mga kapamilya. Pinapadaan ng AFP-PNP ang pamilya ng mga nasawi sa butas ng karayom bago maiuwi ang kanilang mahal sa buhay. Patung-patong ang mga 'di makatwirang rekisitos na hinihingi ng awtoridad. Kailangan pang hanapin at sugsugin kung saang punerarya dinala ang mga labi, minsa'y matatagpuan na sa mga sementeryo at inilibing nang walang pangalan. Bantay-sarado rin ng mga militar ang mga punerarya upang maipagkait ang mga labi, gaya ng nangyari sa kaso nina Jethro Isaac "Ka Pascual" Ferrer at Peter "Ka Rochie" Rivera nito lamang Nobyembre 2023.

Pinagbabantaan din ng AFP-PNP ang mga pamilyang nais magpa-*autopsy* sa labi ng mga kaanak upang malaman ang katotohanan sa kanilang pagkamatay. Pinipilit ang mga pamilya na pumirma sa papel na nagsasabing hindi ipapa-*autopsy* ang labi. Kung pahihintulutan man ang pagpapa-*autopsy*, inoobliga ang mga kapamilya na sa mga pasilidad ng AFP-PNP ito isagawa.

Inaabot ng linggo hanggang ilang buwan ang paghahanap ng mga kaanak sa labi ng kanilang




kapamilya, ngunit hindi pa rito natatapos ang kanilang kalbaryo. Hanggang sa paglilibing ay nakasunod ang mga pasista, minamanmanan at iniintimida ang mga mahal sa buhay ng martir. Iinterogahin nang paulit-ulit ang pamilya kung alam ba nila ang ginagawa ng kanilang kaanak. Samu't sari ang pakana ng AFP-PNP ng pananakot sa mga pamilya upang hindi lumaban at magsampa ng kaso.

Kulang ang mga salita upang ilarawan ang kahayupang ginagawa ng AFP-PNP sa labi ng mga biktima at kanilang kapamilya. Bukod sa paglabag sa IHL at alituntunin sa digma, niyuyurakan din nito ang kultura ng pamilyang Pilipino. Mahalagang tradisyon sa bansa ang pagbuburol sa pumanaw na mahal sa buhay upang makasama ito sa huling pagkakataon at ihatid sa huling hantungan. Dahil dito, malaking kawalan ng respeto sa dignidad ng tao ang paglapastangan sa mga labi.

Ang bangis at brutalidad ng AFP-PNP at ng estado mismo ay upang sindakin at paralisahin sa takot ang mamamayan at pigilan ang sinumang mangangahas na lumaban sa pang-aapi at pagsasamantala. Subalit napatunayan sa kasaysayan na lalo lamang nilang ginagatungan ang umaalimpuyong galit ng mamamayan laban sa pasistang estado.

Marapat lamang na panagutin ng nagkakaisang hanay ng masang api ang kriminal na AFP-PNP sa mga atrosidad nito sa bayan. Dapat na tulungan ng mga makabayang abogado at lingkod bayan ang mga pamilya ng mga biktima ng pasismo at terorismo ng estado. Makakaasa ang mamamayan sa rebolusyonaryong kilusan para gawaran ng rebolusyonaryong hustisya ang mga salarin sa tamang ng panahon.

Hamon sa mamamayan na ibaling ang pagdadalamhati sa rebolusyonaryong katapangan, pulutin ang armas ng mga martir, at ituloy ang kanilang naiwang laban. K

# Paggunita sa anibersaryo ng Partido, inilunsad sa Rizal

Nagtipon ang mga rebolusyonaryong pwersa ng Rizal upang sama-samang gunitain ang ika-55 anibersaryo ng pagkakatatag ng Partido Komunista ng Pilipinas noong Enero 12. Kasabay nito, nagbigay-pugay ang PKP-Rizal kay Prof. Jose Maria "Ka Joma" Sison at sa mga rebolusyonaryong martir ng Rizal at NAAC-BHB Rizal.

Nag-alay ng mensahe ng pakikiisa at mga kultural na pagtatanghal ang mga kinatawan ng mga rebolusyonaryong organisasyong Pambansang Katipunan ng Magbubukid (PKM)-Rizal, Malayang Kilusan ng Bagong Kababaihan (MAKIBAKA)-Rizal, Katipunan ng mga Samahang Manggagawa (KASAMA)-Rizal at Kabataang Makabayan (KM)-Rizal bilang pagdiriwang ng anibersaryo ng Partido. Inilahad ng bawat isa ang pagtanggap sa hamon na magwasto at magpanibagong lakas para sa ibayong pagsusulong ng rebolusyon.

Ibinahagi ng NDFP-Rizal ang mahabang kasaysayan ng pakikiisa ng malawak na bilang ng mamamayan sa pagtataguyod ng demokratikong rebolusyong bayan. "Hinding-hindi magagapi ang rebolusyonaryong kilusan dahil patuloy na umiigting ang krisis panlipunan na syang nagtutulak sa mamamayan na maghimagsik," ani Armando "Ka Arms" Guerrero, tagapagsalita ng NDFP-Rizal.

Ayon sa KM-Rizal, "Pinatunayan ng kasaysayan mula pa noong rebolusyong 1896 hanggang sa bagong tipo ng pambansa demokratikong rebolusyon ngayon na ang kilusang kabataan ay hindi masasaid na balon ng salinlahi ng rebolusyon. Puspusang isulong ang kilusang pagwawasto ng mga kabataan upang ganap na iwaksi ang empirisismo, konserbatismo, indibidwalismo at iba pang mga kahinaan at kakulangan nito."

Sa huling bahagi ng programa, sama-samang nanumpa muli ang mga kasapi ng Partido bilang bahagi na pananariwa sa mga rebolusyonaryong tungkulin. Ito ay isang panata na mahigpit na tanganan ang mga prinsipyo ng Partido buhay man ay ialay upang maampat ang mga pinsala sa organisasyon at maikambyo pasulong ang mga rebolusyonaryong gawain sa diwa ng kilusang pagwawasto.

**Oplan Sabit sa Antipolo City, inilunsad**

Matagumpay na naglunsad ng oplan sabit ang Partido Komunista ng Pilipinas - Rizal upang pagpugayan ang ika-55 na anibersaryo ng pagkakatatag ng Partido at unang anibersaryo ng pagkamatay ng dakilang guro na si Jose Maria Sison sa lungsod ng Antipolo noong Enero 9, 2024.

Sa pangunguna ng rebolusyonaryong kabataan, magsasaka, at maralita, masigasig na inaral ng mga lumahok sa oplan ang manera at paggalaw ng mga rumorondang pulis at kaaway sa paligid upang ligtas nilang maisabit ang balatengga at ipagdiwang ang anibersaryo ng dakilang Partido.

Matagumpay na naipuslit at mabilisang naisabit ang balatengga sa isang *footbridge* sa Lumang Palengke, Antipolo City sa tabi ng Robinsons. Ito ay daanan ng maraming sasakyan at kitang-kita ang tingkad ng guhit ng mukha ni Ka Jose Maria Sison at mensaheng parangal sa Partido Komunista na makasining na nilikha ng mga rebolusyonaryo ng Rizal. 🅺

BALITANG TO



# Nag-ooperasyong 80th IBPA, tinambangan ng BHB Rizal

Matagumpay na tinambangan ng Narciso Antazo Aramil Command (NAAC)-BHB Rizal ang nag-ooperasyong tropa ng 80th IBPA noong Enero 31, ganap na 5:10 ng madaling araw, sa Sityo Lukutang Malaki, Brgy. San Isidro, Rodriguez. Tatlo ang kumpirmadong patay sa hanay ng 80th IBPA habang walang pinsala sa panig ng mga Pulang mandirigma. Para itago ang pinsala, hindi pinangalanan ng 80th IBPA ang kanilang kaswalti.

Sa desperasyon ng mga opisyal ng 80th IBPA, walang pagsasaalang-alang na nagpasabog ito ng M203 *grenade launcher* halos isang dipa lamang mula sa kanilang pwesto. Walang-patumangga at walang-habas na namaril ang kanilang tropa na nagulat sa pagsabog.

Mula pa 2023, walang tigil nang nag-ooperasyon ang 80th IBPA sa mga barangay ng Rodriguez na sasaklawin ng tuluy-tuloy na konstruksyon ng Wawa-Violago Dam at iba pang mga negosyo ng mga burgesya kumprador at panginoong maylupa na pamilya Araneta, Villar at Robes. Habang nagsisilbing bantay sa mapangwasak na proyektong dam, inaatake ng 80th IBPA ang mga katutubo at magsasaka sa lugar, lalo yaong mga aktibo sa pagdedepensa sa kanilang karapatan at kabuhayan.

Ayon kay Macario "Ka Karyo" Liwanag, tagapagsalita ng NAAC-BHB Rizal, "Hindi nagawang pinsalaan ng 80th IBPA ang mga Pulang mandirigma dahil mismo sa mahigpit na pangangalaga at nagpapatuloy na suporta ng masa sa BHB. Ang papatindi at dumaraming atrosidad ng 80th IBPA ay ibayong nagmumulat sa masa sa pasistang katangian ng estado." 🅺



## Pagtutuloy ng CBA, iginiit ng mga panadero sa PhilFoods

Naglunsad ng kilos-protesta ang Unyon ng mga Panadero sa PhilFoods Fresh Baked Product Inc. sa harap ng National Conciliation and Mediation Board (NCMB) Region IV-A noong Enero 4 para igiit ang agarang aksyon sa naantalang negosasyon para sa *collective bargaining agreement* (CBA) ng unyon at kapitalista. Kabilang din sa ipinaglaban ng mga manggagawa ang karapatan sa paggawa.

Tagumpay na naigiit ng unyon sa NCMB ang negosasyon sa kapitalista batay sa mga napagkasunduang *bargaining ground rules* at sinimulan ang CBA noong Enero 9. Bago ito, apat na negosasyon na ang naganap ngunit tumanggi ang kumpanya na pagkasunduan ang mga panuntunan sa gagamiting batayan sa negosasyon.

Noong Setyembre 2023, nanalo ang UPPFBPI-OLALIA-KMU sa eleksyon sa sertipikasyon para katawanin ang mga manggagawa ng pagawaan. Nakakuha ng 295 boto ang unyon sa kabuuang 341 bumoto sa eleksyon, habang 25 boto ang nakuha ng katunggaling unyon.

Ang PhilFoods Fresh Baked Product Inc. ay kapatid na pagawaan ng Gardenia Bakeries na gumagawa ng tinapay para sa Gardenia, isang kumpanyang multinasyunal. Ang pagawaan ng PhilFoods ay matatagupuan sa LIIP Avenue, Barangay Mamplasan, Biñan, Laguna.




BALITA

## Agresyon ng US at China sa WPS, kinundena ng rebolusyonaryong pwersa at mamamayan

Kinundena ng mamamayan at mga rebolusyonaryong pwersa sa Mindoro at Palawan ang tuluy-tuloy na agresibong pagpopostura ng US at China sa West Philippine Sea (WPS), pinakatampok ang tuluy-tuloy na mga ehersisyong militar sa saklaw ng mga karagatan sa Mindoro at Palawan sa bungad ng taon.

Noong Enero 4-5, inilunsad ng US at AFP ang *maritime cooperative activity* o pinaikling Balikatan Exercises sa Cabra Island, Occidental Mindoro. Habang isinasagawa ito, nakaabang ang dalawang barkong pandigma ng China. Ang pinagsanib na ehersisyong militar ng US at AFP ay pambukas sa 2024 at una sa higit 500 *war games* at operasyong militar na ilulunsad ng US sa Pilipinas.

Ayon kay Ma. Patricia Andal, tagapagsalita ng NDFP-Mindoro, "Sa panahong umiinit ang tunggalian ng dalawang imperyalistang kapangyarihan, inilalagay sa malaking panganib na makaladkad ang ating bansa sa nakaambang pagsiklab ng digmaan sa pagitan nila. Kung tutuusin, ang akto ng dalawang kapangyarihan na ito ay halos kapantay na sa girian nila sa Taiwan Strait, na mainit din nilang pinagtutunggalian."

Tila pagdadagdag ng gasolina sa apoy ang mga kasunod na hakbang ng AFP at US, kung saan, inianunsyo ni AFP *chief-of-staff* Gen. Romeo Brawner ang pagdadagdag ng mga base militar ng Pilipinas sa WPS ayon sa plano ng Department of National Defense na Comprehensive Archipelagic Defense Concept. Nakabatay ito sa layuning "pigilan ang agresyon ng China" at pagpapagana sa mga base ng US sa itinuring na "*first-island chain*" na mga bansang itinakdang lunsaran ng digma sa Asia Pacific.

Panawagan ni Andal, "Higit na kailangan na magkaisa ang mamamayan. Ang pagtatanggol ng ating soberanya ay pagtatanggol na rin ng ating buhay, kabuhayan at karapatan sa pagpapasya sa sarili."

# Bagong taon, bagong panata

*ni Adel Serafin*

Sasalubungin ko ang bagong taon
Nang may kirot sa dibdib,
May di mawaring tinik na naghahatid ng sakit,
Para sa mga nawala, naulila, nabuwal sa gitna ng digma...

Sasalubungin ko ang bagong taon,
Na naghahanap, patuloy na naghahanap.
Umaasang makita ang mga nawawala,
At makauwi silang muli sa naghihintay nilang pamilya.

Nasaan ka, Kasamang Baby Jane Orbe?
Ano'ng kahayukan ang nagtulak upang patuloy kang itago ng pasistang kawatan?
Sugatan, tinangay nila ang iyong katawan
Upang gawing tropeyo ng kanilang kabagsikan.

Mariano Jolongbayan, organisador ng mangingisda,
Saang laot ipinalaot ng mga berdugo ang iyong presensya,
Upang sikilin ang naghuhulagpos mong diwa
Na lagi at lagi'y laan sa uring inaapi't nakikibaka?

Sasalubungin ko ang bagong taon,
Na nagnanais kumawala at makalaya,
Sa rehas na piitan na palaruan ng mga hangal,
Kung saan nila itinatangkal ang sa kanila'y nangahas na sumuway.

Kailan palalayain ang mga bilanggong pulitikal?
Habang bumubula ang bibig ng payaso sa Malakanyang,
Ng mga pangakong demokrasya't kapayapaan,
Ikinakarsel nila ang sinumang umuusal ng paglaban.




Ernesto Lorenzo. Ernesto Baez Jr. Karla Mae Monge.
Sa inyong pagtatanggol sa masang inaapi,
Kulungan ang sukli ng gubyernong bingi,
Upang walang sagabal sa ganid nilang paghahari.

Sasalubungin ko ang bagong taon
Na nagpupugay sa mga bayani ng taong iiwanan.
Isagani Isita. Joy Mercado. Ma. Jetruth Jolongbayan. Allyssa Lemoncito. Precious Alyssa Anacta. Leonardo Manahan.
Magigiting na anak ng bayan, mandirigma ng uring pinagsasamantalahan.

Ang nakaraang taon ay nag-iwan ng napakarami pang tulad nila.
Pinaslang, pinahirapan, ikinulong, pinaglahong parang bula.
Libu-libong sibilyan na sapilitang pinasuko't nilitratuhan,
At pinalabas na mga teroristang kalaban.

Batbat ng sakripisyo, hagupit at hamon ang alaala ng labindalawang buwan —
Tatlong daan, animnapu't limang araw na lumipas
Na punong-puno ng pakikihamok at paglaban,
Para sa pinaka-aasam na katarungan at kalayaan.

Ngayon, sasalubungin ko ang bagong taon
Nang nagpupuyos ang dibdib,
nang may buong-buong paghihimagsik
Nang may humihiwang hiyaw at makauring galit,
Sa kanilang sukdulan sa pagkaganid, bagsik at lupit.

Sasalubungin ko ang bagong taon,
Na walang fengshui o dose pares ng bilog-bilog,
Walang baguang magliligtas sa mga walang awa
Na lumilikha ng bulok at mapagsamantalang sistema!

Sasalubungin ko ang bagong taon
Na humuhugot ng rumaragasang lakas at pag-asa
Sa mga dugo at luhang idinilig sa lupa
Upang pagtibayin ang mga tagumpay na ating tinatamasa.

'Pagkat ang iiwang taon ay buong panahong pagpupunyagi,
Upang ang lupa't kabuhayan ay di maagaw ng naghahari.
Sa libu-libong ektarya, masang nagbubungkal ay nakakapanatili,
Mula sa lakas at lawak ng naipundar na pulang mga binhi.

Kaya't salubungin natin ang bagong taon
Na puhunan ang mga tagumpay ng paglaban,
Ng pagbawi mula sa pighati, paglakas at paglawak mula sa pag-atras
At pagsulong sa kabila ng tangkang pagwasak.

Salubungin natin ang bagong taon
Sa piling ng mga kasama at laksang masa,
Na muling nanunumpa nang buong kapasyahan at giting,
Sa panibagong taon na darating,
mas marami pang tagumpay ang ating lilikhain!